

# Intindihin ang tungkol sa mga remittance transfer

Protektado ng pederal na batas ang mga mamimili tuwing nagpapadala ng mga remittance transfer. Ayon sa batas, napapasok sa mga remittance transfer ang karamihan ng mga electronic money transfer na humihigit sa \$15 at pinapadala sa labas ng Estados Unidos.

Kasama sa mga makatatanggap ng remittance ang mga kaibigan, kapamilya, o mga negosyo. Kilala rin ang mga remittance transfer bilang international wire, international money transfer, o kaya remittance.

## Mga remittance transfer provider

Sa ilalim ng pederal na batas na pinoprotekta ang mga nagpapadala, ang remittance transfer provider ay isang kumpanya na nagpapadala ng pera electronically galing sa mga taga-Estados Unidos papunta sa mga tao at negosyo sa ibang bansa.

Kasama sa mga remittance transfer provider ang mga money transmitter, mga bangko at credit union, at iba pang uri ng mga financial service company.

Protektado ng pederal na batas ang mga transfer na itinuturing mga remittance at pinapadala ng mga remittance transfer provider.



## Mga protektadong transfer

- Protektado ang isang money transfer kapag ang halaga niya ay higit sa \$15 at pinapadala ng isang mamimiling nasa Estados Unidos para sa makatatanggap na nasa ibang bansa sa labas ng Estados Unidos.

## Mga transfer na hindi protektado

- Hindi protektado ang transfer kapag ang makatatanggap ay nasa Estados Unidos rin kahit na gamit ng isang remittance transfer; hindi ito international money transfer.
- Hindi itinuturing na remittance transfer provider ang mga kumpanyang nagpapadala ng 500 o mas mababa na bilang ng remittance transfer sa isang taon; hindi protektado ang mga transfer na gumagamit ng hindi kwalipikadong kumpanya.

## Malalaman ng mga mamimili ang saktong halaga ng padala nila

Makikita dapat ng mga mamimili ang impormasyon tungkol sa padala nila tuwing gumagamit ng remittance transfer provider. Kasama dito ang saktong halaga ng ipapadala, ang exchange rate, mga sinisingil na fee at buwis, at ang saktong halaga na matatanggap (hindi kasama ang fee na maaaring kolektahin ng bangko ng makatatanggap). Maaaring ipahayag ang impormasyon na ito sa lenggwaheng ginagamit sa kanilang materyales, o kaya sa Ingles.

Libre dapat ang impormasyon na ito at hindi kailangang ituloy ang transaksyon kapag natanggap na ang impormasyong ito.

## Ano ang nangyayari bago magbayad

Para sa karamihan ng mga transfer, kailangang magbigay muna ng impormasyon ang kumpanya bago magbayad ang mamimili. Kailangang eksakto ang halagang ibinibigay, pero minsan maaaring tanya lang. Kasama sa impormasyon na ito ang:

- Exchange rate
- Mga sinisingil na fee at buwis
- Ibang mga fees dahil sa proseso ng pagtransfer
- Ang halaga ng perang matatanggap, bukod sa mga foreign tax at fee na sinisingil ng makatatanggap na bangko o institusyon
- Kung akma, karagdagang impormasyon tungkol sa mga foreign tax at fee na ito

## Ano ang nangyayari pagbayad

Kinakailangan ang mga remittance transfer providers na magbigay ng sumusunod na impormasyon sa resibong ibinibigay:

- Impormasyon sa exchange rate, fee at buwis na pareho dapat ng halaga sa impormasyong binigay bago magbayad
- Kung kailan makakarating ang halagang pinapadala mo sa makatatanggap
- Kung ano ang iyong karapatan para kanselahin ang transaksyon
- Kung paano humingi ng tulong kapag nagkamali
- Kung paano magsumite ng reklamo

Maaari ring ibigay ng remittance transfer provider ang lahat ng impormasyong ito bago pa magbayad. Kung hindi tugma ang impormasyong binigay, kailangang itama ng provider ang impormasyong ibinigay.

Kadalasan ay may 30 minuto ang mga mamimili pagkatapos magbayad para kanselahin ang transaksyon, basta hindi pa nakukuha ng makatatanggap o kaya hindi pa nadedeposit sa bangko ng makatatanggap. Kung naka-iskedyul ang remittance transfer higit na 3 araw bago ipapadala, maaaring kanselahin bago ng 3 araw bago ipadala.

## Kung may mali sa remittance transfer

- Maaaring maghandog ng reklamo ang mamimili hanggang 180 araw mula sa araw na sinabi ng transfer provider kung kalian pwedeng makuha ng makatanggap.
- Pagkatapos maghandog ng reklamo, may 90 araw ang kumpanya para imbestigahin ang sitwasyon; kailangang sabihin ng kumpanya sa nagpapadala ang resulta ng imbestigasyon. Kung may mali man, maaaring makatanggap ng refund ang nagpapadala, o kaya pwede ring subukan ipadala ulit ang pera.

Hindi ito ang buong listahan ng mga proteksyong ibinibigay ng pederal na batas. Maaari ring may ibang proteksyon, depende sa batas ng bawat estado.

## Tungkol sa CFPB

Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) ay isang ika-21 na siglo na ahensya na gumagabay sa pamamalakad ng consumer finance market sa paglalahad at pagpapatupad ng mga epektibong tuntunin, at sa pagsuporta sa mga mamimili upang mas kontrolado nila ang kanilang mga pananalapi.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [consumerfinance.gov](https://consumerfinance.gov)

## Makipag-ugnayan sa amin

- ! Magsumite ng reklamo  
[consumerfinance.gov/complaint](https://consumerfinance.gov/complaint)
- 🎤 Ibahagi ang iyong kwento  
[consumerfinance.gov/your-story](https://consumerfinance.gov/your-story)
- 🔍 Magtanong sa CFPB  
[consumerfinance.gov/ask-cfpb](https://consumerfinance.gov/ask-cfpb)
- 💬 Ipamahagi ang iyong saloobin  
[facebook.com/cfpb](https://facebook.com/cfpb)  
[twitter.com/cfpb](https://twitter.com/cfpb)